



California's protection & advocacy system

Mga Kamakailang Pagbabago sa Workweek Exemptions para sa mga Provider ng In-Home Supportive Services (IHSS) at Waiver Personal Care Services (WPCS)

Marso 2019, Pub. #5603.08 - Tagalog

Ang publikasyon na ito ay para sa mga taong tumatanggap ng In-Home Supportive Services (IHSS) at Waiver Personal Care Services (WPCS) at mga taong nagbibigay ng kanilang pangangalaga. ¹ Ang publikasyon na ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng exemption sa maximum na bilang ng oras na ang ilang provider ay maaaring makapagtrabaho bawat buwan sa mga programa ng IHSS at WPCS. Sa pamamagitan ng exemption, ang mga provider ay maaaring magtrabaho nang hanggang 360 oras bawat buwan.

BACKGROUND

Pederal na mga Tuntunin sa Overtime at Mga Limit sa Workweek ng Estado

Bilang tugon sa isang pagbabago sa pederal na mga regulasyon ng Department of Labor, ang estado ng California ay sumang-ayon na magbayad ng overtime para sa mga in-home worker na nasa mga programa ng IHSS at WPCS. Ang estado ngayon ay nagbabayad ng overtime para sa anumang oras na trinabaho na higit sa 40 oras bawat

¹ Ang WPCS ay isang serbisyong hinahandog sa pamamagitan ng Home and Community Based Alternatives Waiver (dating kilala bilang Nursing Facility/Acute Hospital, o NF/AH Waiver). Ang WPCS ay isang hindi lisensyadong katulong sa pangangalaga na tumutulong sa mga kalahok sa Waiver sa kanilang personal na pangangalaga at iba pang pangangailangan na mayroon sila upang manatiling nakatira sa kanilang bahay. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

linggo. Para sa higit pang impormasyon sa mga panuntunan sa overtime sa pangkalahatan, tingnan ang publikasyon #5586.01 *Bagong Mga Panuntunan para sa IHSS: Overtime at Mga Kaugnay na Pagsingil* sa <https://www.disabilityrightsca.org/publications/new-rules-for-ihss-overtime-and-related-changes>.

Kasabay nito, naglagay ang estado ng mga limit sa maximum na lingguhang bilang ng oras na maaaring magtrabaho ang isang provider ng IHSS o WPCS sa isang workweek. Sa pangkalahatan:

- Ang provider na nagtatrabaho para sa isang tumatanggap lang ay hindi maaaring magtrabaho nang higit sa 70 oras at 45 minuto bawat linggo para sa ipinagsamang IHSS at/o WPCS.
- Ang isang provider na nagtatrabaho sa higit sa isang tumatanggapay hindi maaaring magtrabaho nang higit sa 66 na oras bawat linggo para sa ipinagsamang IHSS at/o WPCS.²

Mga Administratibong Exemption ng California (2016)

Simula Pebrero 1, 2016, ang California Department of Social Services (CDSS) ay nagtaguyod ng dalawang kategorya ng exemption na pinapahintulutan ang ilang provider ng IHSS na magtrabaho nang higit pa sa mga limit na nakabalangkas sa itaas: ang exemption ng "Pamilya" at "Hindi Pangkaraniwang mga Kalagayan" na exemption. Hindi tulad ng mga limit sa workweek, ang mga exemption na ito ay hindi na-code sa batas o regulasyon, ngunit sa halip ay inihayag sa pamamagitan ng All-County Letters na ipinadala sa mga direktor ng county welfare at mga manager ng programa ng IHSS.³ Ang mga provider na pinagkalooban ng alinman sa exemption ay limitado pa rin sa pinakamaraming 90 oras bawat workweek, na hindi lalampas sa 360 oras kada buwan.⁴ Ang California Department of

² Welf. & Inst. Code §§ 12300.4, 12301.1. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³ All-County Letter No. 16-07, (“ACL 16-07”), available sa <http://www.cdss.ca.gov/lettersnotices/entres/getinfo/acl/2016/16-07.pdf>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴ All-County Letter No. 16-22 (“ACL 16-22”), available sa <http://www.cdss.ca.gov/lettersnotices/EntRes/getinfo/acl/2016/16-22.pdf>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Health Care Services (DHCS) ay nagpalabas din ng katulad na patnubay tungkol sa maximum sa araw-araw, lingguhan at buwanang mga oras na maaaring makapagtrabaho ang provider para sa isang consumer na nakakakuha ng WPCS lang o WPCS at IHSS na pinagsama.⁵

Ang IHSS at WPCS Provider Workweek Exemptions ay Naging Batas noong 2017

Simula nang Hulyo 1, 2017, mayroon nang dalawang exemption ng IHSS na na-code sa batas ng estado ng California.⁶ Ang mga provider na inaprubahan para sa isang exemption ay maaaring lumampas sa 66-na oras na limi sa workweek hanggang sa maximum na 360 oras kada buwan na ipinagsama para sa lahat ng mga tumatanggap ng IHSS na pinaglilingkuran nila.

Mayroon ding dalawang exemption na magagamit para sa mga provider ng WPCS, na nagpapahintulot sa mga naaprubahang provider na makapagtrabaho nang hanggang sa kabuuang 12 oras bawat araw hanggang sa maximum na 360 oras bawat buwan na ipinagsama para sa IHSS at WPCS na ibinibigay niya.⁷

IHSS EXEMPTIONS

1. Pangkalahatang Impormasyon

1.1. Paano Ko Malalaman Kung Kuwalipakado Ako para sa IHSS Exemption?

Sa panahon ng pagtatasa o muling pagtatasa, i-evaluate ka ng programa ng county IHSS upang matukoy kung ipinapakita ng iyong mga kalagayan na ang iyong provider ay maaaring karapat-dapat para sa Exemption 1 o 2 (tinalakay sa ibaba). Ipagbibigay-alam ng county ang posibleng mga

⁵ DHCS Letter No. 16-001, available sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Documents/WPCSOvertimeBulletin.pdf>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁶ Welf. & Inst. Code § 12300.4(d)(3)(A)-(B). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁷ Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(B)(2). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

tumatanggap na kwalipikado sa (mga) exemption at ang proseso kung saan maaaring mag-apply ka o ang iyong provider.⁸

1.2. *Kung ang Aking Provider ay Makakukuha ng Exemption, Maaari ba Niyang Trabahuin ang Lahat ng Awtorisadong Oras para sa Mga Tumatanggap na Binibigyan Niya ng IHSS?*

Hindi. Kahit na may exemption, ang mga provider ay hindi maaaring magtrabaho nang higit sa 360 oras bawat buwan. Dahil ang estado ay hindi magbabayad ng provider nang higit sa 360 oras bawat buwan, ang DRC ay hindi makatutulong sa iyo na makakuha ng exemption na higit sa maximum na limit. Kung ang kabuuang bilang ng mga oras para sa mga tumatanggap ng provider ay higit sa 360, kakailanganin mong kumuha ng isa pang provider ng IHSS upang magtrabaho sa natitirang oras.

2. IHSS Exemption 1 (ang dating Family Exemption)

2.1. *Sino ang Karapat-dapat sa Exemption 1?*

Available ang Exemption 1 para sa mga provider na natugunan ang LAHAT ng sumusunod na kondisyon noon o bago sa Enero 31, 2016:

1. Magbigay ng mga serbisyo sa dalawa o higit pang tumatanggap ng IHSS; at
2. Manirahan sa parehong tahanan gaya nang lahat ng tumatanggap na binibigyan nila ng mga serbisyo; at
3. Mga may kaugnayan, sa pamamagitan ng pag-aampon, o bilang isang foster caregiver, legal na tagapangalaga, o conservator, sa lahat ng tumatanggap na bibigyan niya ng mga serbisyo bilang magulang, pangalawang magulang, foster o magulang na nag-ampon, lolo/lola, legal na tagapangalaga, o conservator ng tumatanggap.⁹

⁸ Welf. & Inst. Code § 12300.4(d)(3)(C). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁹ Welf. & Inst. Code § 12300.4(d)(3)(A). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

2.2. Paano Akong Mag-aapply Para sa Exemption 1?

Bago na-code ang Exemption 1 (dating kilala bilang Family Exemption) sa batas, nagpadala ang CDSS ng sulat at form sa mga provider na kinilalang nakatugon sa pamantayan. Kung natugunan ng iyong provider ang pamantayan pero hindi pinadalhan ng abiso, pinapayuhan ng CDSS ang mga county at mga tumatanggap na kumpletuhin ang isang aplikasyon ng Exemption 1 at direktang ipadala ito sa CDSS. Ang tatlong-pahinang aplikasyon ay nakalaki sa All-County Letter 16-07 at available para mai-download sa

<http://www.cdss.ca.gov/lettersnotices/entres/getinfo/acl/2016/16-07.pdf>.

Maari mong i-mail ang iyong nakumpletong aplikasyon sa:

CDSS – Adult Programs Division
744 P Street, Mail Stop 9-7-96
Sacramento, CA 95814

Kung nais mong mag-apply ngunit walang access sa Internet, maaari kang tumawag sa CDSS sa (916) 651-5350 at hilingin sila na magpadala sa iyo ng papel na application form. Tandaang mag-iwan ng maikling mensahe kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono para matawagan ka. Maaari ka ring humingi sa iyong county social worker para sa application.

3. IHSS Exemption 2 (dating Extraordinary Circumstances Exemption)

3.1. Sino ang Karapat-dapat para sa Exemption 2?

Ang mga provider na nagtatrabaho para sa dalawa o higit pang tumatanggap ng IHSS ay mga karapat-dapat para sa Exemption 2 kung ang bawat tumatanggap ay may kahit ISA sa mga sumusunod na kalagayan na naglalagay sa tumatanggap sa malubhang peligro ng pagkakalagay sa out-of-home na pangangalaga kung ang mga serbisyo ay hindi maibibigay ng provider na iyon:

Criteria (Pamantayan) A: May masalimuot na medikal at/o mga pangangailangan sa pag-uugali na dapat matugunan ng isang provider na naninirahan sa parehong bahay ng tumatanggap; O

Criteria B: Naninirahan sa lalawigan o liblib lugar kung saan limitado ang mga available na provider, at bilang resulta, ang tumatanggap ay hindi makakukuha ng ibang provider; O

Criteria C: Hindi makakukuha ng iba pang provider na nakapagsasalita ng katulad na wika ng tumatanggap, at bilang resulta, hindi maituturo ng tumatanggap ang kanyang sariling pangangalaga.¹⁰

3.2. *Paano Ako Magiging Karapat-dapat para sa Exemption 2?*

Bago na-code ang Exemption 2 sa batas, ang patnubay ¹¹ ng estado ay kinailangan ang parehong county at mga tumatanggap na siyasatin at sairin ang lahat ng posibleng opsyon sa paghahanap ng ibang provider upang magtrabaho sa loob ng awtorisadong lingguhan at buwanang mga oras ng tumatanggap. Hindi isinasama ng batas ang kinakailangan na ito at kung gayon ay hindi mo na kailangang sairin ang lahat ng opsyon ng provider; gayunman, maling ipinagpapatuloy na hilingin ito ng ilang county. Ayon sa mas bagong All-County Letter na inisyu ng estado, "Bilang karagdagan sa pagtugon sa isa sa pamantayan ng exemption [A-C sa itaas], ang mga tumatanggap, sa tulong ng county, kung kinakailangan, ay dapat na nasiyasat ang mga available na opsyon sa pag-upa ng karagdagang (mga) provider. **Ang mga naunang naidokumentong pagtatangka upang makahanap/magamit ang iba pang provider ay maaaring isaalang-alang sa pagtugon sa kinakailangan na ito.**"(dinagdagan ng diin).¹²

3.3. *Paano Akong Mag-a-pply Para sa Exemption 2?*

Sa panahon ng pagtatasa o muling pagtatasa ng bawat county, dapat i-evaluate ng county social worker kung ang kalagayan ng tumatanggap ay waring nagpapahiwatig na ang provider para sa tumatanggap na iyon ay maaaring karapat-dapat para sa isang exemption.¹² Pagkatapos ay ipagbibigay-alam ng county sa mga tumatanggap na iyon ang tungkol sa mga potensyal na naangkop na mga exemption at sa proseso sa kung saan ay maaaring mag-apply ang kanilang provider para sa exemption.¹³

¹⁰ Welf. & Inst. Code § 12300.4(d)(3)(B); All-County Letter No. 18-31 ("ACL 18-31") at 2, available sa: <http://www.cdss.ca.gov/Portals/9/ACL/2018/18-31.pdf?ver=2018-03-23-130932-073>. "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

¹¹ ACL 16-22 at 3. "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

¹² ACL 18-31 at 2. "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

¹³ ACL 18-31 at 2. "[Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#)"

Ang provider ay dapat humingi ng, kumpleto, at isumite sa county, ang form ng kahilingan ng exemption (SOC 2305).

3.4. Ano ang Mangyayari Pagkatapos Kong Isumite ang Aking Application?

Rerepasuhin ng county ang mga kahilingan ng Exemption 2 at isasaalang-alang kung ang pagtatangi ay maglalagay sa iyo sa malubhang peligro ng pagkakalagay sa out-of-home care dahil sa alinman sa mga pangyayari sa 1, 2, o 3 sa itaas. Sa loob nang 30 araw sa pagkakatanggap ng application sa Exemption 2, ime-mail ng programang IHSS ng county ang sulat ng abiso sa provider at sa mga tumatanggap na binibigyan nila ng mga serbisyo kung ang kanilang application ay naaprubahan o tinanggihan.¹⁴

3.5. Ano ang Dapat Isaalang-alang ng County Kapag Nirerepaso Nito ang Aking Application Para Sa Exemption sa Ilalim ng Criteria A?

Para sa Criteria A, ang komplikadong kondisyong medikal at/o pag-uugal para sa layunin ng Exemption 2 ay nangangahulugan na ang tumatanggap ng IHSS ay may mga serbisyong personal na pangangalaga na "nangangailangan ng partikular na pansin at pangangalaga, at ang mga serbisyong ito ay hindi maaaring ibigay ng sinuman maliban sa kanyang live-in na provider ng IHSS nang walang epekto sa pisikal na kakayahang magtiis at/o epekto sa kanila hinggil sa pag-uugali dahil nauugnay ito sa isang kondisyon ng kalusugang pangkaisipan (hal. autism spectrum disorder, demensya, Alzheimer, atbp.). Kung ang mga serbisyo ay ipinagkaloob ng isang tao maliban sa umiiral na provider, ito ay magdudulot ng pinsala sa tumatanggap ng IHSS dahil sa pisikal at/o emosyonal na stress na hahantong sa out-of-home care."¹⁵ Ang mga county ay tinagubilinan na isaalang-alang kung nakatatanggap ang (mga) tumatanggap ng paramedical o mga serbisyo na nangangailangan ng espesyal na pangangalaga (tulad ng pag-aalaga ng bituka at pantog o repositioning), kung nasuri man sila na maaari silang magpahiwatig ng mga pangangailangan sa pag-uugali, at kung tumatanggap man sila ng

¹⁴ Welf. & Inst. Code § 12300.4(d)(3)(E)(ii); ACL 18-31 at 3. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁵ ACL 18-31 at 3-4. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

pangangalaga mula sa iba tulad sa isang programa sa araw o mula sa iba pang mga provider ng IHSS.¹⁶

3.6. *Ano ang Dapat Isaalang-alang ng County Kapag Nirerepaso Nito ang Aking Application Para Sa Exemption sa Ilalim ng Criteria B?*

Para sa Criteria B, ang panglalawigan o liblib na lugar ay isa na "sa labas sa mga naurbanisang lugar at mga kumpol ng lunsod." Dapat suriin ng county ang access ng tumatanggap sa mga provider sa kanilang lugar at isaalang-alang din ang dami ng mga available na provider (kasama ang provider registry, mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, atbp.) na handang maglakbay nang napakalayo upang magbigay ng mga serbisyo. Dapat idokumento ng county ang mga natukoy na hadlang na naglilimita sa kakayahan ng tumatanggap na umupa ng mga karagdagang provider.¹⁷ Ang mga provider ay hindi kailangang manirahan sa parehong bahay ng mga tumatanggap.

3.7. *Ano ang Dapat Isaalang-alang ng County Kapag Nirerepaso Nito ang Aking Application Para Sa Exemption Sa Ilalim ng Criteria C?*

Para sa Criteria C, dapat tukuyin ng county ang hangganan kung saan walang kakayahan ang tumatanggap na umupa ng provider ng serbisyo na nagsasalita ng kanyang parehong wika ay naglalahad ng adlang sa probisyon ng mga awtorisadong serbisyo ng tumatanggap. Dapat tasahin ng county kung ang ilang gawain, hal., lokal at mga gawaing kaugnay na mga serbisyo, ay maaaring gawin nang epektibo ng isang provider na hindi nagsasalita ng parehong wika ng tumatanggap pagkatapos ng ilang inisyal na tulong sa pagsasalang-wika. Umiiral lamang ang pambihirang kalagayan kapag ang kawalang kakayahan ng tumatanggap na umupa ng provider na nagsasalita ng kanyang wika ay nagreresulta sa isang hadlang sa tumatanggap sa pagturo sa kanyang sariling pangangalaga na hindi maaaring mapagtagumpayan.¹⁸

¹⁶ ACL 18-31 at 4-5. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁷ ACL 18-31 at 5. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁸ ACL 18-31 at 5. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

3.8. *Para Makakuha ng Exemption, Dapat Ba Na Maghanap Muna Ako ng Ibang mga Provider?*

Bago pagkalooban ng kahilingan ng Exemption 2, dapat repasuhin ng county ang mga available na provider. Ang county ay dapat tumulong sa paghanap ng mga karagdagang provider kung hihilingin. **Mahalagang tandaan na ayon sa estado, "na maaaring isama sa pagrerepaso ang parehong kasalukuyan at naunang mga pagtatangka para tukuying mahahanap/magamit ang mga karagdagang provider."** Maaaring isaalang-alang ng county, at dapat idokumento, ang anumang kasaysayan ng isang masamang epekto sa (mga) tumatanggap na mapagsilbihan ng ibang provider, kahit na ito ay nangyari bago gawin ang kahilingan ng exemption. Maaaring mapunan ng naturang kasaysayan ang kinakailangan sa paghahanap para sa mga karagdagang provider.¹⁹

3.9. *Gaano Kahaba Magtatagal ang Aking Approval ng Exemption 2?*

Ang mga pag-aproba sa Exemption 2 ay tatagal nang isang taon at maaaring ma-renew kung walang naging pagbabago sa mga kalagayan.²⁰ Kung nagkaroon ng pagbabago sa mga kalagayan, ngunit ang exemption ay kailangan pa rin para sa ibang dahilan, dapat tratuhin ito ng county bilang isang bagong application.

3.10. *Ano ang Dapat Kong Gawin Kung Tatanggihan ang Application Ko?*

Kung tanggihan ng county ang exemption, dapat ipaliwanag din ng county sa sulat ng abiso ang dahilan para sa pagtanggihan at impormasyon tungkol sa proseso upang humiling ng repaso ng CDSS, na malaya sa desisyon ng county. Ang prosesong ito ay tinatawag na ESAR (Exemption 2 State Administrative Review). Ang mga provider o mga tumatanggap ay maaaring humiling ng repaso ng CDSS.²¹ Sa panahon ng prosesong ito, ang mga paglabag sa overtime ay mapipigilan, anuman ang desisyon ng estado.²²

¹⁹ ACL 18-31 at 6. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²⁰ ACL 18-31 at 9. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²¹ Welf. & Inst. Code § 12300.4(d)(3)(E)(iii)(I); All-County Letter 18-58 (“ACL 18-58”). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²² ACL 18-58 at 4. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Upang makahiling ng repaso sa ESAR, sa loob nang 45 araw mula sa Notice of Ineligibility ng county, dapat kang mag-mail ng form na SOC 2313 sa:

California Department of Social Services
Appeals, Administrative Review and Reimbursement Bureau
Attention: Exemption 2 State Administrative Review Unit
744 P Street, MS 9-12-04
Sacramento, CA 95814

Magpapadala ang ESAR ng abiso na nagtatakda ng isang kumperensya sa telepono sa loob nang 10 araw-na-may-pasok sa petsang natanggap ng ESAR ang kahilingan. Sa panahon ng kumperensya sa telepono, maaari kang magbigay ng karagdagang impormasyon, na maaaring may kasamang "dokumentasyon tungkol sa mga nakalipas na insidente ng nakapipinsalang epekto sa tumatanggap bilang isang resulta ng pagbibigay ng mga serbisyo ng ibang provider. Kasama sa mga halimbawa, ngunit hindi limitado sa, mga sulat mula sa mga health care provider, mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan o iba pa batay sa kanilang mga obserbasyon o karanasan kung paanong negatibong naapektuhan ang kalusugan at/o kaligtasan ng tumatanggap sa pagsisimula ng isang bagong provider."²³ Maaari ka ring humiling na magsumite ng karagdagang nakasulat na impormasyon na dapat na i-fax o selyohan sa loob nang 10 araw na-may-pasok ng kumperensya sa telepono.

3.11. Ano ang Mangyayari Pagkatapos ng Aking Repaso?

Ime-mail ng CDSS ang nakasulat nitong desisyon sa loob nang 20 araw n na naka-iskedyul kang makipag-usap sa mga kawani nito na nagsasagawa ng repaso, maliban kung nabigyan ka ng karagdagang panahon upang magsumite ng impormasyon. Ang nakasulat na desisyon ay ipagbibigay-alam sa provider at sa kanyang mga tumatanggap kung ang ibibigay ang exemption o tatanggihan. Kung tatanggihan ng CDSS ang exemption, dapat din nilang ipaliwanag sa nakasulat na desisyon ang dahilan sa pagtangi.²⁴ Kung tatanggihan ang exemption, ang provider ay maaaring hindi magtrabaho ang provider nang higit sa 66 na oras bawat linggo (o 264 bawat buwan) at ang (mga) tumatanggap ay kakailanganing

²³ ACL 18-58 at 4. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²⁴ ACL 18-58 at 5. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

maghanap ng iba pang provider upang masaklawan ang natitirang mga oras.

4. Exemptions sa Workweek ng IHSS at Mga Regulasyon sa Magulang na Provider

Ang DRC ay nakatanggap ng ilang katanungan tungkol sa mga limit ng workweek ng IHSS kapag ang mga magulang ang provider para sa kanilang mga anak at ang mga exemption ay hindi nasasaklawan ang lahat ng awtorisadong oras ng mga tumatanggap. Ang mga patakaran para sa mga sitwasyong ito ay ipinapaliwanag sa ibaba sa pamamagitan ng mga halimbawa.²⁵

Halimbawa #1: Ako ang ina at magulang na provider para sa aking tatlong menor de edad na anak na tumatanggap ng pinagsamang kabuuang 460 oras ng IHSS kada buwan. Ang aking kahilingan para sa isang exemption sa workweek ng IHSS ay kabibigay lamang, ngunit kailangan ko ng karagdagang provider upang masaklawan ang karagdagang 100 oras.

4.1. Mawawala ba ang aking pagiging karapat-dapat bilang isang provider na magulang ng mga menor de edad na anak kung makakakita ako ng provider trabahuhin ang oras na higit sa 360 bawat buwan?

Hindi. Pinahihintulutan ng Exemptions ng IHSS ang isang magulang na nabigyan ng exemption na umupa ng karagdagang provider upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata kung mayroon silang buwanang awtorisadong mga oras na mataas sa 360 (o 264 na oras bawat buwan nang walang Exemption), nang hindi isinasapanganib ang pagiging karapat-dapat ng magulang na provider para sa exemption. Ang mga karagdagang oras ay maaaring ibigay ng isang hindi miyembro ng pamilya.

4.2. Posible bang trabahuhin ng tatay ng aking mga anak ang karagdagang oras na lampas sa 360 bawat buwan?

Sa ilang kaso, oo. Ang regulasyon na namamahala sa mga provider na magulang ng IHSS ay pinapayagan ang dalawang magulang para maging binabayaranang mga provider para sa kanilang dalawa o higit pang menor de edad na mga anak, pero DAPAT matugunan ng parehong magulang ang mga kinakailangan sa MPP §30-763.451. Hinihingi ng regulasyong ito na

²⁵ See ACL 18-31 at 6-7 for an explanation of these rules. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

ang magulang ay tumigil na sa full-time na trabaho, o pinipigilan sa full-time na pagtatrabaho (na tinukoy bilang 40 o higit pang mga oras bawat linggo) dahil sa mga pangangailangang pangangalaga ng mga bata; walang ibang available na angkop na provider; at ang kawalang kakayahan ng magulang na gampanan ang mga serbisyo ay maaaring magresulta sa di-angkop na pagpapalagay o hindi sapat na pangangalaga. Dito, ang pangalawang magulang (ang ama) ay maaaring magtrabaho sa mga oras na labis sa maximum na unang 360-oras na pinakamahaba ng magulang na provider, hangga't natutugunan niya ang iba pang kinakailangan sa MPP §30-763.451.

Halimbawa #2: Ako ang ina ng dalawang 10 taong gulang na batang lalaki na may autism. Parehong tumatanggap ng IHSS at protective na pangangsiwa: Si Michael ay tumatanggap ng 212 oras bawat buwan at si Joey ay tumatanggap ng 218 oras bawat buwan, para sa isang pinagsamang kabuuang 430 oras bawat buwan. Nabigyan ako ng Exemption 1. Nagtatrabaho ako ng 25 oras bawat linggo bilang isang administrative assistant at pinipigilan ako mula sa full-time na trabaho upang makapagbigay ng IHSS sa aking mga anak. Ang aking asawa ay nagtatrabaho nang part-time, at gustong ibigay ang natitirang mga oras ng IHSS na labis sa 360 sa isang buwan. Nag-aalala ako na mawawala ko ang pagiging karapat-dapat ko bilang magulang na provider kung hilingin ng aking asawa na maging karagdagang provider.

Kapag ang isang magulang na provider ay umabot sa maximum cap (264 o 360 bawat buwan na may Exemption), ang isa pang magulang ay maaaring ibigay ang natitirang balanse ng mga oras kung matutugunan niya ang mga kinakailangan ng MPP § 30-763.451. Dito, sa sandal umabot ang isang ina sa 360 oras na maximum sa bawat buwan, siya ay itinuturing na "unavailable." Sa panahong iyon, maaaring ibigay ng ama ang natitirang 70 oras dahil natutugunan niya ang mga kinakailangan ng provider na magulang sa MPP § 30-763.451 (yan ay, siya ay nagtatrabaho nang mas mababa sa 40 oras bawat linggo upang makapagbigay ng IHSS sa mga bata, walang available na angkop na provider, at ang kawalang kakayahan ng ama na magbigay ng IHSS ay maaaring magresulta sa hindi angkop na pagpapalagay o hindi sapat na pangangalaga).

Tandaan na ang unavailability ng ina ay binabatay lamang sa katotohanan na naabot na niya ang maximum na mga oras na pinapayagan. Ang kanyang unavailability ay HINDI dahil sa isang magulang na nagtatrabaho para sa isang bata at hindi ang pagiging unavailable na magtrabaho para sa isa pang bata.

MGA EXEMPTION SA WAIVER CARE SERVICES (WPCS)

Ang mga provider para sa Home and Community Based Alternatives (HCBA) Waiver (dating kilala bilang Nursing Facility/Acute Hospital Waiver) o In-Home Operations (IHO) Waiver na mga kalahok o mga aplikante, na naka-enrol sa alinman sa waiver noon o bago sa Enero 31, 2016, at na ang mga medikal o mga pangangailangan sap ag-uugali ay kinakailangan ang mga serbisyong iyon na ibibigay ng hiniling na provider, ay karapat-dapat para sa exemption ng WPCS kung may umiiral ang ALINMAN sa mga sumusunod na kalagayan:

1. Ang provider ay naninirahan sa parehong tahanan gaya nang sa aplikante ng waiver o kalahok, kahit na ang provider ay hindi miyembro ng pamilya; O
2. Ang provider ay kasalukuyang nagbibigay ng pangangalaga sa kalahok ng waiver, at ginagawa sa dalawa o higit pang mga taon nang tuluy-tuloy; O
2. 3. Ang aplikante o kalahok ng waiver⁰ ay hindi nakahanap ng lokal na caregiver na nagsasalita ng parehong wika ng aplikante o kalahok, at bilang resulta, hindi nila naituturo ang kanilang sariling pangangalaga.²⁶

1. Ako ay naka-enroll sa HCBA (NF/AH) o IHO waiver pagkatapos ng Enero 31, 2016. Ako ba ay karapat-dapat para sa isang exemption ng WPCS?

Para sa isang kalahok na nag-enroll sa alinman sa waiver ng IHO o HCBA pagkatapos ng Enero 31, 2016, ang DHCS ay bibigyan angisang provider ng exemption mula sa 66-na oras na mga limit ng workweek batay sa bawat kaso.²⁷

²⁶ Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(A)(i)-(iii). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²⁷ Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(B). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

2. Ako ay nabigyan ng exemption ng WPCS. Nangangahulugan ba ito na makakapagtrabaho ako nang kasing dami ng mga oras hangga't gusto ko?

Hindi. Pakitandaan na ang isang provider ng IHSS o WPCS (o pareho) na binigyan ng exemption ay maaaring magtrabaho nang hanggang sa kabuuang 12 oras bawat araw, at hanggang sa 360 oras bawat buwan na ipinagsama para sa IHSS at WPCS na ibinibigay niya, na hindi lalampas sa buwanang awtorisadong mga oras ng bawat kalahok ng waiver .²⁸

3. Paano Ako Mag-aapply para sa Exemption ng WPCS?

Sa panahon ng inisyal na application, at hindi bababa sa taun-taon, ipagbibigay-alam ng DHCS sa lahat ng aplikante ng waiver o mga kalahok na ang mga provider ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang exemption at kanilang mga provider tungkol sa mga exemption at ang proseso ng application.²⁹ Sa minsanang batayan, ang DHCS ay magme-mail ng pang-impormasyon na abiso at form ng application ng kahilingan ng exemption sa lahat ng provider na maaaring maging karapat-dapat para sa exemption at sa mga kalahok ng waiver kung saan nagbibigay ang mga provider na iyon ng serbisyo.³⁰

4. Ano ang Mangyayari Pagkatapos Kong Isumite ang Aking Application?

Susuriin ng DHCS ang mga kahilingan ng exemption alinsunod sa isang proseso na binuo na may impormasyong ipinasok mula sa mga stakeholder. Sa paggawa ng pagpapasiya nito, isasaalang-alang ng DHCS kung natutugunan ng aplikante ng waiver o kalahok ang isa sa criteria gaya nang ipinaliwanag sa pahina 7.³¹

Sa loob nang 30 sa pagkakatanggap ng kahilingan ng exemption mula sa isang provider at mula sa isang aplikante ng waiver o kalahok sa ngalan ng

²⁸ Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(B)(2). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²⁹ Welf. & Inst. Code §14132.99(d)(1)(B)(4). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁰ Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(B)(3). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³¹ Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(B)(5)(A). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

isang provider na naka-enroll sa alinman sa waiver pagkatapos nang Enero 31, 2016, magme-mail ang DHCS ng sulat na inaabisuhan ang parehong provider at aplikante ng waiver o kalahok ng pag-apruba o pagtanggap sa exemption nito. Ang DHCS ay bubuo ng isang standardized na sulat ng abiso na may impormasyong ipinasok mula sa mga stakeholder.³²

5. Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Tinaggihan ang Aking Application?

Kung tinaggihan ang iyong kahilingan, dapat ipaliwanag ng DHCS sa sulat nito ang dahilan ng pagtanggap.³³ Sa kasalukuyan, walang paraan para mag-apela ng salungat na desisyon. Kung hihiling ka ng malayang repaso at tataggihan pa rin ng exemption, kakailanganin mong umupa ng ibang provider para masaklawan ang mga natitirang oras at tiyakin na natutugunan ang iyong mga pangangailangan.

PAANO NAMIN MALALAMAN KUNG ANG MGA BAGONG PROSESO AY MAY GUMAGANA?

Hinggil sa exemption ng IHSS, dapat itala ng mga county kung gaano karami ang mga kahilingan ng exemption na kanilang natatanggap at ang bilang ng mga kahilingan na inaprubahan o tinaggihan, at isumite ang mga bilang ito sa CDSS. Katulad nito, itatala ng CDSS kung gaanong karaming mga kahilingan para sa pagrepaso na natatanggap nila at ang bilang ng mga kahilingan na inaprubahan o tinaggihan sa pamamagitan ng proseso ng repaso. Ang mga bilang na ito ay ipo-post tuwing ikatlong buwan sa website ng CDSS.³⁴ Makikita ang mga ito dito:

<http://www.cdss.ca.gov/inforesources/IHSS-New-Program-Requirements>.

Tungkol sa mga exemptions ng WPCS, itatala ng DHCS ang bilang ng mga kahilingan ng mga exemption na natatanggap nito at ang bilang ng mga kahilingan na inaprubahan o tinaggihan. Dapat ipost ang mga numerong ito tuwing ikatlong buwan sa website ng.

³² Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(B)(5)(B). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³³ Welf. & Inst. Code § 14132.99(d)(1)(B)(5)(B). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁴ Welf. & Inst. Code § 12300.4(d)(3)(E)(iv). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

PAANO AKO MAKAKAHINGI NG TULONG KUNG TATANGGIHAN AKO NG EXEMPTION?

Kung naniniwala ka na maling tinanggihan ang iyong kahilingan sa exemption, mangyaring makipag-ugnay sa DRC sa 1-800-776-5746. Mangyaring tandaan na, dahil ang estado ay hindi magbabayad ng provider nang higit sa 360 oras bawat buwan, hindi ka namin matutulungan na makakuha ng exemption na higit sa maximum na limit. Kakailanganin mong makahanap ng karagdagang provider para trabahuhin ang mga oras na lampas sa kung ano ang awtorisado para sa iyong provider.